Australian Red Cross

redcross.org.au/workrighthub

Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya

Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari kapag ang pamimilit, mga pagbabanta o panlilinlang ay ginagamit upang samantalahin ang mga indibidwal at ipagkait sa kanila ang kanilang kalayaan. Ang mga ito ay malulubhang krimen sa Australya at kasama dito ang pangangalakal ng mga tao, pang-aalipin, pagkaalipin, sapilitang pagpapakasal, sapilitang pagtatrabaho, pagkakatali sa utang, pinakamalalang mga uri ng pagtatrabaho ng mga bata, at mapanlinlang na pagrekluta para sa pagpapatrabaho o mga serbisyo.

Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas.

Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala, may tulong na makukuha.

Para sa impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross. Tumawag sa **1800 113 015** o mag-email **sa national_stpp@redcross.org.au**

This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.

TAGALOG

Australian Red Cross

redcross.org.au/workrighthub

Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya

Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari kapag ang pamimilit, mga pagbabanta o panlilinlang ay ginagamit upang samantalahin ang mga indibidwal at ipagkait sa kanila ang kanilang kalayaan. Ang mga ito ay malulubhang krimen sa Australya at kasama dito ang pangangalakal ng mga tao, pang-aalipin, pagkaalipin, sapilitang pagpapakasal, sapilitang pagtatrabaho, pagkakatali sa utang, pinakamalalang mga uri ng pagtatrabaho ng mga bata, at mapanlinlang na pagrekluta para sa pagpapatrabaho o mga serbisyo.

Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas.

Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala, may tulong na makukuha.

Para sa impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross. Tumawag sa **1800 113 015** o mag-email **sa national_stpp@redcross.org.au**

This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.

TAGALOG